# Likhawit: Boses ng mga Bayot Bilang Talastasan ng Kaakohan

JUNIL A. ALTES
ANGELINA L. SANTOS

**Abstrak**

*Nilikhang awit ng mga bayot mula sa kanilang tagayan, parti, at ibang pagtitipon ang pinag-aralan. Mahigit sa 69 na mga awit ang nakalap na naglalahad ng kanilang diskurso ng karanasan at pakikipag-ugnayan sa lipunan. Mula sa mga nakolektang kanta, hindi pa rin malaya ang mga bayot dahil may nakatakda ng depiksyon ang lipunan sa kanilang kaakohan at sekswal na oryentasyon sa kabila ng malawak na pagtanggap sa kanila. Ito ang hadlang upang ipakita at ipakilala ang kanilang pagkaako (being) nang ayon sa kanilang sariling depinisyon. Kailangan pa nilang muling itindig at magkaroon ng rekonstraksyon sa kaakohan para maigiit ang sarili. Batay sa pagsusuri at interpretasyon sa mga awit, nabuo sa pag-aaral ang modelo sa rekonstruksyon ng kaakohang bayot na binubuo ng sumusunod na hakbang: (a) sariling identipikasyon; (b) sariling determinasyon; (c) repleksibo; (d) pagtatanghal sa sarili; at (e)diskursong pansarili.*

***Keywords***: likhawit, bayot, kaakohan, rekonstraksyon, sarilinig identipikasyon

Si JUNIL A. ALTES ay nagtuturo ng mga asignaturang Filipino sa University of Southeastern Philippines, Davao City. Nakapagtapos ng kanyang MA Filipino (wika at Panitikan) sa Mindanao State University-Iligan Institute of Technology. Si ANGELINA L. SANTOS ay isang retiradong propesor ng Departamento ng Filipino at Ibang mga Wika, CASS, MSU-IIT. Nakapagtapos ng Master sa Edukasyon (M.Ed) sa UP Diliman at PhD sa Language Studies sa MSU-Marawi sa ilalim ng programang Mindanao Advance Education. Nakapaglathala ng mga aklat sa Filipino sa Wika at Panitikan at ilang mga artikulo sa ilang journal sa Filipino.

## Introduksyon

Ang pakikipag-unayan ng mga bayot sa kanyang palibot ay lumilikha ng produktong kultural gaya ng mga likhang awit. Bahagi ito sa kanilang diskurso tungkol sa pagtanggap sa kanilang kaakohan at pagkaako ng mga taong kanilang nakasalamuha. Naging boses nila ang mga awit na ito sa pagpapahayag sa itinakdang pagtingin ng mga tao sa kanila. Alinsunod ito sa sinabi ni Hall (1997) na may mga *concept map* ang lipunan sa isang paksa/bagay, tao, pangyayari at iba pa na naglalahad ng opinyon o pagtingin. Isa ang bayot sa mga paksang nag-anak ng iba-ibang anyo ng *concept map*, partikular dito ang usapin sa kaakohan/identidad at pagka*ako*. Sa konteksto ng usaping bayot, komplikadong paksa ang pagka*ako* (being) sapagkat mayroon ng iba-ibang pagkiling ang bawat lipunan (Heidegger 1962), lalo na sa konteksto ng oryentasyon sa kasarian. Kaakohan ng isang indibidwal ang maging bayot anuman ang reaksyon at restriksyon ng lipunan sa kanya. Ito ang dalang ideya ng mga nalikhang awit nila kaya mahalagang maging lunsaran ito sa pagpapaliwanag ng ideya ng bayot laban sa mga pwersang nakapalibot sa kanila.

## Layunin at Suliranin ng Pag-aaral

Pangunahing layunin ng tesis na makolekta ang mga simultanyong nilikhang awit ng mga bayot para maitampok bilang bahagi ng panitikan. Hangarin din na maipakita ang produktong kultural ng bayot sa pamamagitan ng pagtalakay ng kanilang sarili, kaakohan at pagka*ako* gamit ang kanilang mga karanasan. Dalawang mahalagang punto ang nais na tuklasin ng pag-aaral. Nais bigyan nang importasya ang kanilang likhang awit bilang sariling diskurso tungkol sa kanilang pagka*ako*. Pangalawang punto na inilahad ng pag-aaral ay pagbuo ng kanilang kaakohan o identidad sa mga kanta. Isa itong magandang hakbang upang magkaroon ng espasyo ng/sa pag-unawa ang lipunan sa kanilang nilikhang kultura. Upang mabigyan ito ng tiyak na paglalahad, binigyan ng kasagutan ang mga tiyak na tanong: (1)Anong mga likhang-awit ng mga bayot ang naglalahad ng talastasan ng kanilang sarili? (2) Anong mga karanasan ang tinalastas sa kanilang mga likhang-awit? Ano ang naging tugon dito ng mga taong nakapalibot sa kanya? (3) Ano ang nabuong ugnayan sa pagitan ng mga bayot at heterosekswal na panlipunang relasyon? Paano nito nabigyan ng

representasyon ang mga bayot bilang oryentasyong kasarian? (4) Paano muling binuo ng mga bayot ang kanilang kaakohan na ipinahiwatig sa mga likhang awit nila?

## Balangkas Teoritikal ng Pag-aaral

Itinuring ng pag-aaral na ito ang bayot bilang teksto na lumilikha ng iba-ibang kahulugan. Ang mga kahulugang ito ay mula sa kanilang sinusunod na oryentasyong sekswal na nagbubunga ng diskurso tungkol sa kanilang kaakohan at pagka*ako*. Ginamit sa tesis na ito ang pananaw tungkol sa kasarian na Panunuring Malay sa Kasarian (PMK) ni Lilia Quindoza Santiago (1997) na nagsasabing nabuo ang kasarian mula sa pangkalahatang produksyon ng tao sa lipunan. Tinalakay naman ang ugnayan ng bayot at lipunan sa pamamagitan ng teorya ni Butler (1993) na pagtatanghal ng jender (gender performance) na nagsasabing ang jender ay palagiang ginagawa at tinutupad sa pamamagitan ng pag-uulit ng mga isinasagawang kilos at galaw. Pinalawak rin ang ugnayan ng pag-aaral sa pagturing sa mga nalikhang awit bilang diskursong limulikha ng iba-ibang ideya at opinyon ng/sa bayot gamit ang pananaw ni Michel Foucault (1970) sa *diskurso sa wika.* Isinasaad niya na ang mga diskurso ng tao ay lumilikha ng kapangyarihan. Mayroong mga restriksyon at prohibisyon ng paggamit ng wika na idinidikta ng mga taong may gahum, sila ang nagsasabi ng kung ano-ano ang pag-uusapan, sino ang kasali sa usapan at mahalagang pag-usapan.

## Metodolohiya

Kwalitatibong desinyo sa uring deskriptibo ang ginamit na gabay sa pagsusuri at malapitang pagbasa sa tulong ng kontent analisis sa intepretasyon ng tesis. Ginamit ng pag-aaral ang mga nilikhang kanta ng mga bayot. Ito ay awiting simultanyong nabuo mula sa mga salo-salo, inuman/tagayan at iba pa. Hindi na inedit o iniwasto ang mahigit sa animnapu't siyam na mga awit na nakalap mula sa Lunsod Iligan.Ginamit na gabay sa pagsusuri ang kaalamang araling kultural o **cultural studies**. Pagkatapos isinagawa ang **Focus Group Discussion** sa mga bayot para magkaroon ng matatag paliwanag sa kanilang mga nilikhang kanta.

**Likhawit ng mga Bayot: Representasyon ng Lipunan ng Kanilang Kaakohan**

Mayroong taglay na nosyon ang pariralang "representasyon ng lipunan sa kaakohang bayot" tungkol sa pakikitungo ng lipunan sa mga bayot. Malakas ang tama ng nosyong ito sa usapin ng kaakohan/identidad. Higit sa lahat, taglay ng pariralang ito ang sabliminal na gahum ng lipunan sa pagpapakilala ng bayot. Sa katunayan sinabi ni Spargo (1999,p.12) na sinupil o itinanggi ng ilang lipunan at kultura ang pananaw na likas na tampok sa buhay ng tao ang kanyang kasarian. Gayunman, hindi pa rin maitatanggi ang umiiral na gahum ng lipunan na magtakda ng mga katangian at kalikasan tungkol sa pagka*ako*ng nakalakip sa usaping kasarian. May nilulutong kaakohan ang lipunan tungkol sa kasarian na may malaking impluwensiya sa pagkilala nito (kasarian) sa palibot. May malaking papel ng sitwasyong ito ang asamsyon ni Santiago (1997) tungkol sa kanyang *Panunuring Malay sa Kasarian* na ang ugnayan ng tao sa kanyang lipunan ay lumilikha ng pangkalahatang produksyon. Sa loob ng pangkalahatang produksyong ito, may namumuong gahum na namamayani at nagbibigay nang malaking impluwensya sa *conceptual map* ng mga tao sa lipunan. Sa mga likhang awit na datos ng tesis, nabuo ng mananaliksik ang mga relasyon ng bayot sa kanyang palibot na tugon sa pangkalahatang produksyon tulad ng sumusunod: *pag-ibig, kapwa, tahanan,* at *trabaho.*

**a. Pag-ibig at Nasa: Depiksyon ng mga Lalaki sa Damdaming Bayot**

Kontrolado ang pag-ibig, lalo na sa diskurso ng mga bayot. Itinakda ang esensya nito dahil pinaniniwalaang higit itong angkop sa pagitan ng mga babae at lalaki. Kahit mayroong mga bansa at ilang lugar sa Pilipinas na naniniwalang hindi lamang sa mga markadong kasarian maaari ito, ngunit karamihan sa karanasan ng mga bakla ay nagpapahiwatig na mahirap itong pasukin. Naipakita ito sa likhang awit na **Na-Chorva** (Naloko) sa pamamagitan ng pagpapahayag ng damdamin ng bayot na pinaglaruan ng isang lalaki. Inilantad dito ang ginawang panloloko ng lalaki sa pag-ibig na kanilang pinagsaluhan. Pinaglaruan ang bayot sa awiting ito na naglalarawan sa kanya bilang sunud-sunuran sa lalaki. Pansinin ito sa sumusunod na bahagi ng kanta:

(Hoo hoo hoo hoo) Echosera (Hoo hoo hoo hoo) Bruhilda ka (Hoo hoo hoo hoo) Jologs ka Chipipay, anaconda ka

Akala ketch that this is love Perry the platypus, Napa-bobita Jones aketch, for being so inlababo (Inlababo) Jinowabells kitech, pagoda na so much me.

| |
|---|
| Akala ko pag-ibig na ito Perry the platypus,<br>Kasinungalingan lang pala mga salita mo<br>Naging bobo ako<br>Sa pagmamahal sa iyo<br>Minahal kita, pagod na pagod na ako. |

Ibinabadya ng mga salitang ginamit sa kanta ang nagtitimping damdamin ng bayot laban sa kanyang iniibig. Agad itong pinatutunayan sa paghuhumiyaw ng bayot mula sa unang saknong sa itaas gamit ang mga salitang *echosera* (niloko), *bruhilda ka* (bruha ka), *jologs ka* (bobo), *chipipay* (cheap), *anaconda ka* – lahat ng ito ay mga negatibong pahayag tungkol sa isang tao. Pinatingkad ang imahe ng pagmamahal na *one way* o nagmumula lamang sa mga bayot at walang pagtugon mula sa kanyang minamahal. Mahihiwatigan ito mula sa mga linyang *Akala ketch that this is love* at *jiji lang pala lahat ng iyong kokak*. Isinasaaad ng linyang ito ang paghahangad at pagnanasa ng bayot na magkaroon at makaranas ng 'pag-ibig'. Higit sa lahat nangangahulugan din itong nais niyang makaranas ng tunay na pagmamahal na may sangkap ng pagkatotoo at pag-aaruga. Hindi natugunan ang ninanasa ng bayot at pinapangarap niyang maranasan mula sa lalaking inibig dahilan para sumuko siya. Malakas ang pahiwatig sa ganitong sitwasyon na taglay ng lalaki ang pagiging superyor sa bayot. Ipinahiwatig dito ang pagturing ng lalaki na bobo at hindi makaramdam ng pagod o di kaya natural lamang sa mga bayot na paasahin. Samakatwid, kasingkahulugan ang pag-ibig ng bayot sa pagtitiis gaya sa huling linya ng kanta na *Jinowabells kitech, pagoda na so much me.* Ganitong-ganito rin ang tila reklamo ng bayot sa kanyang nabuong kanta na mula sa tono ng sikat na awiting **Pusong Bato.** Pansinin ito:

Di mo alam dahil sa 'yo,
ako'y na Bitter Ocampo
(Na-werla, ang chorva)
Pero ng pinagbigyan kita,
Binihag mo lang ako And then chinorva,
mo lang naman din ako.

Mahalaga ring mabigyan nang pansin sa kanta ang *nasa* **(desire)** ng bakla na maging masaya sa pamamagitan ng pagsusumikap na magkaroon ng tunay na pag-ibig. Ito rin ang napapansin ni Evasco (2003, p. 110) sa mga panulaang bakla na lagi't laging tumalakay tungkol sa pagtuklas ng sariling hilig at pagnanasa. Samakatwid, matatag na nagpapatunay ang mga awit, na datos ng pag-aaral, na ito ay tungkol sa karanasan nila sa kabiguan sa pag-ibig sapagkat nabuo ito nang hindi pinaghandaan at simultanyo mula sa mga salo-salong mga bakla.

Samakatwid, ang paghuhumiyaw ng bayot sa awit ay alingawngaw rin ng tunay na karanasan ng kolektibong kaisipang bayot.

**b. Ikaw at Ako: Papel ng Kapwa sa Kaakohan ng Bayot**

Bahagi ng usapin ang relasyon ng bayot at pagtanggap sa kanila ng kapwa-ang asamsyong tinanggihan ni Jandt (2010) na dapat heterosekswal lamang angmundo, patriarkal, at ang pinalaganap na paniniwalang kontrolado ng mga lalaki.

Marami ang mga kontra persespyong tumuligsa sa ganitong pananaw. Malungkot tingnan na tumatanggap na nga ng pagtatakda ang bayot ngunit mas lalo siyang makatatanggap nito kapag hindi niya nasunod ang pananaw ng mga indibidwal sa kanyang palibot. Iginiit ito sa kantang **Lateka**

Lateka si akez
Deadma na lang sa chika ni
bagets Lateka si akez
Ang body ko ay coke Wez juy
pagkailusyon
Lateka si akez lang kay
mother Lateka jud ako
Kung nakatagilid Mura daw
ug bouncer Pero ang body ko
Mura gyud ug body builder
Lateka jud ako, no no no
Lateka jud ako.

Ako ay lalaki
Wala akong pakialam sa mga
pinagsasabi ng iba
Ako ay lalaki
Maganda ang hubog ng aking katawan
Hindi ito isang ilusyon
Lalaki lang po ako pag andyan ang
nanay ko
Lalaki talaga ako
Kung nakatagilid
Parang isang bouncer daw
Pero ang katawan ko
Para talagang isang body builder
Lalaki talaga ako
Lalaki talaga ako

Bagulbol ito ng lalaking bayot (shemale) na nagtataka at inuuyam ang kanyang pagiging bakla batay sa kanyang pisikal na anyo. Mahihiwatig ito sa unang apat na linya sa awit na kanyang inilahad sa itaas. Mabubuo mula rito ang kwento ng isang bagets na tila nang-uuyam sa baklang **body builder** ang katawan. Kinukwestyon dito ang piniling oryentasyon dahil sa anyo at tikas ng katawang pinagsikapang hubugin. Kaya ito rin ang dahilan kung bakit sinabi niya na *lateka jud ako* o husgahan mo ako. Masasabi kung gayon, na umiiral ang gahum ng mayorya (elite) sa lipunan sa pagtatakda kung ano ang tama. Naging mga anda o patern ang mga takdang ito dahilan para kumitid ang lugar nila sa ibang mga indibidwal. Ganitong-ganito ang laman ng awit na **Di Mi Wangwang, Wild, ug Freak**:

Why jai kung
backlush mi?
Shude mo
magjudge.
Gahappy-happy
ra man mi Waz
mi nagbina-bad
Paagi lang aron dili ni
mawerla Shudi me
wangwang, wild, ug
freak.

Bakit pala kung bakla kami?
Huwag niyo kaming husgahan
Naglilibang lamang kami
Hindi kami gumagawa na masama
Paraan lang ito para hindi masiraan
Hindi kami maingay, magulo, o baliw

Naging sabjek sa mga awit ang lalaking bayot, dito naman tinalastas ang *shemale* at ang reaksyon ng mga taong nakakita sa kanila na naglalakad sa daan nang walang ginagawang masama sa kapwa. Hinuhusgahan ang bayot habang ipinakikita ang kanilang pagka*ako*. Itinuring samakatwid, ang larawan ng bayot bilang lihis sa normal ang mga aksyon, ugali at gawi ng tao sa lipunan. Kasingkahulugan niya ang isang kriminal na lumaya mula sa ilang taong pagkakulong. Kahit pa pinagsilbihan ng isang **ex-convict** ang nagawang kasalanan, sa mata at pagtanggap ng mga tao sa paligid ay kriminal pa rin siya. Kawangis ng sitwasyong ito ang naranasan ng bayot. Kasabay rin ng kombiksyon ang kanilang pagdidiin na bahagi sila ng ugnayan ng tao sa palibot kaya sinagot nila ito ng *sakit much kang jukems nga makadungog ug kalerki words* (sakit sa akin na makatanggap ng hindi magagandang salita). Kung susuriing mabuti ang estruktura at heograpiya sa loob ng lipunan, mapapansin na palaging ang tingin ng mga tao ang nagiging basehan sa pagtanggap ng bayot. Makabubuo ng mga tanong buhat rito: Ano ba ang kailangang porma at anyo ng bayot upang mapabilang sila sa mayorya? Bakit laging ginagawang batayan ang pisikal na kaanyuan (ng mga **shemale**) at ang pagkakaroon ng damdaming babae? Ito rin ang naging sanhi kaya ang karasan ng bayot sa kantang **Shagu-shaguan** ay kanyang inilihim mula sa kapwa. Upang maiwasan ang diskriminasyon sa kanila, nagtatago sila sa dilim.

Sa resulta ng ginawang **FGD,** may isang bayot ang nagsabing tuwing gabi na lamang siya lumabas dahil doon niya nararamdaman ang kalayaan. Ayon sa kanila, tulog at nagkukulong na sa loob ng kanilang bahay ang mga tao, mga kapitbahay, at kanyang mga kamag-anak dahilan para magawa niya ang gusto niyang gawin. Sinasabi ritong ang pagtatago ng bakla sa dilim ay lumilikha, humuhubog, at nagtatakda sa kaakohan ng bakla nang walang mga kontra persepsyon ng kanilang kapwa.

### c. Ang Pananaw ng Tahanan sa Bayot: Paglulugar ng Pamilya sa Kanilang Oryentasyong Sekswal

Isa sa mga panlipunang institusyon na may direktang ugnay sa isang indibidwal ang kanyang pamilya. Ito ang isa sa mga impluwensyal na sektor sa paghubog ng/sa gagampanan at ginagampanang kasarian ng tao. Dito rin nagsimula ang unang politika ng kasarian nang ipinataw nito ang iba-ibang tungkuling namana mula sa kulturang nakagisnan. Naisalaysay ng kantang **Anak** ang hindi pagtanggap ng 'ama' sa anak na bayot bilang hindi na bahagi o miyembro ng pamilya. Naging dahilan ito ng pagkagalit ng ama sa kanyang anak na napasok sa ganitong kasarian. Ano ang dahilan ng ganitong reaksyon ng ama? Mahihiwatigan ito sa sumusunod na liriko ng kanta:

**Anak**

Nang isinilang ako sa mundong
ito Laking galit ng tatay ko
Pinakain niya ako ng posporo
(Nipalit og sako, gisulod sa sako)

Hindi lamang ordinaryong emosyon (galit) ang mapapansin sa liriko ng kanta bagkus nagbibigay ito ng indikasyon ng pagkamuhi. Halos patayin na ng ama ang kanyang anak na bayot mula sa mga linyang *pinakain niya ako ng posporo (nipalit og sako, gisulod sa sako).* Ang ganitong reaksyon ng ama ay bunga sa kanyang nararamdamang kahihiyan mula sa mga kapitbahay at iba pang kakilala/kaibigan. Manipestasyon dito ang huling tatlong linya ng kantang nagsasabing:

Kapitbahay kong tsismosa
Kung ano-ano ang pinagsasabi
Sabi niya "Eew Bayot"

Sa sikolohikal na paningin, ang ginawang pagbugbog ng ama sa kanyang anak ay bahagi ng pagpapahalaga sa sarili. Namantsahan ang pagpapahalagang ito nang ang anak ay lumihis sa inaasahang kasarian kaya higit sa galit ang kanyang nagawa sa anak. Maaaring tingnan sa puntong ang pambubugbog ng ama sa kanyang bayot na anak ay bahagi rin ng supresyon nito sa inaakalang maling gawi at ayos ng anak. Samakatwid, masasabing nanatili ang pagkaanak ng bayot sa paningin ng ama subalit ang pagkikilos, asal at iba pang gawi nito ayon sa oryentasyong pangkasarian na pinili ang hindi tanggap. Nagmula ang ganitong reaksyon ng ama sa kanyang takot at pangamba mula sa reaksyon rin ng kanyang lipunan. Ito ang sinabi ni Sigmund Freud na *simbuyo* na bunga sa pagpapahalagang moral na naglalaro sa isip ng isang tao. Simbolo rin ang mga pagpapasakit na iginawad ng ama sa bayot bilang paraan ng supresyon o di kaya ay pagtanggal sa nakikitang kabaklaan – nag-ugat samakatwid ito sa kanyang takot. Malinaw itong tinalastas sa hangong kanta na **Born This Way** nang kinokondisyon ng ama ang isang anak na lalaki noong bata pa ito na hindi siya bakla. Ipinasunod ang inakalang kilos at gawing panlalaki para mapigilan ang kabaklaan. Kaya sabi ng bayot sa kantang ito:

My papa told me when I
was young Dili daw ko beki
Nasakpan niya na naglipstick
ko Nilubo iyang kapas.

May himig ng pagdidiin at boses ng gahum na nagdidiktang mali ang pagiging beki. Sa ganitong pananaw, nagiging etsapuwera sa loob ng pamilya ang kabaklaan at anumang bayot na larawan ng kantang ito. Sa kanta, malakas rin ang tendensya ng paggiit ng bakla na sundin ang kanyang nais sa pamamagitan ng pagpapakita ng kanyang kilos at gawing bakla.

d. **Trabaho Bilang Espasyo: Pagsasaawit sa Karanasan ng Bayot Mula sa Likhawit**

Isa sa mga mahahalagang pangkalahatang produksyon na nagagawa ng tao ang kanyang pakikipagrelasyon sa kapwa para/bunga sa/ng pang-ekonomikong kalagayan. Malaking papel ang ginagampanan dito ang trabaho/hanapbuhay bilang isang batis ng ekonomikong produksyon. Sa sitwasyon ng bayot, ano ang makikitang karanasan niya rito? Anong representasyon ang hinulma ng kanyang mga kasama sa loob ng lugar na ito? Bagaman matagal ng paksa ng usaping bayot ang estado niya sa trabaho/hanapbuhay at lugar na kanyang pinagtatrabahuan, hindi pa rin siya/sila naging ligtas sa karanasang inilahad sa kanilang nilikhang awit. Naipalabas ito ng bayot mula sa kanyang nalikhang awit na **Shokla** na halaw sa orihinal na kanta ng **noontime show** na "It's Show Time" ng ABS-CBN. Inihayag dito ng bayot ang kanyang hinaing tungkol sa hindi pantay na oportunidad sa paghahanapbuhay sa pagitan ng heterosekswal at ng bayot. Higit lalo, naipakita rin ng kanta ang pangarap ng bayot na magkaroon ng tagumpay sa buhay sa pamamagitan ng magandang trabaho. Gayunpaman, mula sa awit na ito naging imposible ang kanyang pangarap dahil sa kanyang oryentasyong kasarian. Nakikita ito sa bahaging:

fa fa ra fa fa ra ra ra fa fa
Anetch man ang lahi (Ano
mang lahi) Anetch mang
colormes (Ano mang kulay)
magkaka-join sa Williy
Santos (Sama-sama sa
tagumpay) Jumulan man o
aurora (Umulan man o
umaraw)

Pagkakapantay-pantay at patas na pagkakataon sa buhay ang hinaing na isinisigaw ng liriko ng awit upang pare-parehong makamit ng sinuman at ninuman ang tagumpay. Metapora nito ang pagsabi ng bayot sa kanta na ano mang lahi at ano mang kulay sama-sama sa tagumpay. Hindi mailalahad ng bayot ang ganitong ideya kung wala siyang nakikitang hindi maayos na sitwasyon sa buhay – lalo na sa larangan ng trabaho. Dagdag pang paglalahad ng bayot na:

Jukit sa work wit sok ma-sight
(Bakit sa work ay wala akong makita)
Anetch man ang jirap ng lifestyle
(ano mang hirap ng buhay)
Ang bet ko ay shagumpay
(ang gusto ko ay tagumpay)

Nakaw-atensyon sa kantang ito ang linyang *jukit sa work wit sok ma-sight*. Manipestasyon ito na nakaranas ang bayot ng kahirapan sa paghahanap ng trabaho dahil sa kanyang oryentasyong sekswal. May nakatago itong pagbibigay sa kanila ng larawan bilang walang puwang sa mga trabahong *white-collar job* o hanapbuhay na nangangailangan ng propesyonal, *managerial*, at administratibong trabaho. Maaaring ang karanasang ito ng bayot ay hindi isolado sapagkat mayroon ng mga bayot na may matataas na posisyon sa kanilang hanapbuhay. Bilang karanasan, ang kantang ito ay nagbibigay ng palatandaan na patuloy pa ring umiiral ang ganitong sitwasyon sa kabila ng maraming bayot ang may magandang posisyon at kinikilalang personahe sa bansa gaya ni Boy Abunda sa larangan ng *mass media*, si Dexter Domiquez a.k.a Teri Aunor na naging *Provincial board member* sa Bucay, Bataan, at marami pang iba.

Batay sa mga karanasang tinalastas ng mga awit na nailahad, lumabas na ang bayot ay patuloy pa ring nakikipaglaban para sa kanilang sarili. Mahalagang sangkap dito ang kanilang karanasan na may malaking ugnay sa uri at anyo ng palibot na mayroon sila. Tunay na mayroong representasyon ang lipunan sa pagka*ako* ng bayot. Kung susumahin ang analisis, lahat ng mga kantang nahahanay mula sa pag-ibig, kapwa, pamilya at trabaho, naipakita rito na totoo ang sinabi ni Lilia Quindoza-Santiago na nabuo ang pagtingin o pagtanggap ng kasarian bunga ng patuloy na pakikipag-ugnayan ng bawat indibidwal sa isa't isa. Dito nabuo ang iba't ibang representasyon na nalikha ng lipunan para sa mga bayot. Makikita ito sa sumunod na talahanayan:

**Talahanayan 5.** Istigma at Depiksyon ng Lipunan sa mga Bayot

| Pangkalahatang Produksyon | Istigma | Depiksyon |
|---|---|---|
| Pag-ibig | May restriksyon ang pag-ibig sa konteksto ng pagkabayot. | *Walang umibig<br>*Masama ang umibig sa bayot |
| | Walang tunay na magmamahal sa mga bayot | *Mahinang kasarian kayalagi lamang pinapaasa<br>*Laro lamang maranasang pag-ibig |
| | Binibili/nirerenatahan ang Pag-ibig ng bayot | *Pakikipagtalik lamang ang gusto<br>*Tanga ang bayot |
| | Imoral ang pakikipagrelasyon sa bayot | *Kahiya-hiyaang makipagrelasyonsa mga bayot.<br>*Makasalanan ang bayot Kaya makasalananna rin angumibig sa kanila. |
| | Lahat ng bayot ay nagbibihis babae, nagmemeyk-up at iba pa. | *Huwado peke ang kasariang bayot |

**Talahanayan 5.** (karugtong)

| | | |
|---|---|---|
| Kapwa | Pakikipagtalik lamang ang habol ng bayot | *Mangmolestiya Kaibigang lalaki/sexual harassment |
| | Lalaki at babae lamang ang kasarian ng tao. | *Kasalanan ang maging bayot |
| | Walang kakayahang makipaglaban sa masasamang tao. | *Lampa at mahinang Indibidwal kaya madaling saktan/nakawan. |
| | Walang bayot na macho at malaki ang katawan | *Nakakahiya ang bayot na lalaking-lalaki ang tindig at anyo |
| | Babae at lalaki lamang ang tanggap na maging anak | *Hindi magandang pamilya ang magkaroon |

Naipahayag sa mga istigmang nailahad na nagkaroon ng komplikasyon ang sariling pagpapakita ng bayot ng kanyang sariling depinisyon ng pagka*ako.* May nabuong mga pananaw tungkol sa kanila na dahilan para mapabilang sila sa grupong marhinalisado. Tinitingnan sila bilang lihis sa estrukturang nakahulma sa palibot kaya bunga nito naging hindi ordinaryo ang kanilang pagka*ako.* Malinaw na dahil sa mga istigma na ito, nagkaroon ng gahum ang lipunan para ihiwalay sila sa heteronormatibong grupo. Nalikha mula rito ang sinasabi nina Link at Phelan (2001) na **society's power relations**. Ito ang kapangyarihan ng tao na lumikha ng kahulugan at pamantayan. Sinuman ang may pinakamaraming bilang na sumunod sa pamantayang ito ang may gahum laban sa kaunting bilang ng tao. Nasa ganitong posisyon ang bayot na inilarawan sa mga likhang awit. Halimbawa rito ang istigma sa pag-ibig na *walang tunay na magmamahal sa mga bayot.* Nakabatay ito sa premis na ang tunay na pag-ibig ay ginagawa lamang ng tunay na babae at lalaki. Nagbunga tuloy ito ng hindi magandang pagtanggap sa mga bayot dahilan para paglaruan sila ng mga lalaking hinahangaan at minahal. Itinuring silang mga laruan.

## Mula sa Laylayan Tungo sa Sentro: Likhawit Bilang Ahente sa Rekonstruksyon sa Kaakohan ng Bayot

Mayamang paksa ng araling kultural ang pag-aaral sa kaakohan o identidad sapagkat saklaw nito ang diskurso tungkol sa etniko/lahi, bansa, diaspora, migrasyon. Naging mas interesante at masalimuot itong paksa kapag kasali na ang usapin ng sarili o AKO. Ang AKO ay paglalatag ng sarili, paglalarawan ng nasà at paggigiit ng layunin. Kapag inilahad ang pahayag na AKO AY BAYOT lahat ng mga nabanggit ay kasamang ipinakilala rito. Hindi lamang ang literal na pagsasabing bayot siya bagkus sabmisyon rin ito ng kanyang identidad mapapisikal, mental, at sosyal man. Ganito ito tinalastas sa kantang **Sirena**:

Ako'y isang sirena
Kahit anong sabihin nila
Ako ay ubod ng ganda.
Kahit anong gawin nila
Ang pride ko ay di tutumba.

Dekonstraksyon ng heteronormatibong kasarian ang bayot. Nakaakit siya ng iba-ibang reaksyon, miskonsepsyon, paghuhusga ngunit wala siyang pakialam sapagkat matibay ang kanyang desisyon sa oryentasyong napili. Bahagi sa pagtitindig ng identidad ng bayot ang itindig rin ang pananaw ng **self-empowerment** o **personal empowerment.** Bahagi ito ng sikolohiya ng bayot o ng kahit sinumang tao na may layuning itanghal ang sarili bilang sarili o bilang kaakohan. Hindi nangangailangan ng gahum ang hakbanging ito ng bayot ngunit tanging sangkap lamang ang pagkakaroon ng responsibilidad sa sarili at sa bawat desisyon sa sarili. Katulad sa inihayag ng awit sa unahan, desisyon ng bayot na maging ganoon ang kanyang pisikal na larawan. Anumang reaksyon at miskonsepsyon na nakapalibot sa kanila, wala silang pakialam dahil sarili nilang pagpapahalaga ito. Halimbawa ng ganitong sitwasyon ang karugtong na diskurso sa kantang **Sirena** na nagsasabing:

| | |
|---|---|
| Gym na na'y laki<br>Akong adtuan,<br>Dako kaayo na mga braso,<br>Sa'ko nakadikit,<br>Pool na na'y laki,<br>Akong languyon,<br>Ang tanang gwapo<br>Ako ra ang gitan-aw | Sa gym may mga lalaki Doon ako tutungo Malalaking mga braso Nakadikit sa akin<br>Sa *pool* na may lalaki Aking lalanguyin<br>Ang lahat ng mga gwapo Ako lang ang tinitignan |

Sabay sa pisikal na introduksyon ng bayot ang pagpapakilala rin sa kanyang nasà. Batid ng lipunan na lalaki rin ang gusto ng bayot katulad sa isinaad ng kanta. Gayunpaman, ipinarating din ng kanta na sila ay katulad din ng mga karaniwang tao na humanga, umibig at may makamundong pangangailangan. Ang paghahanap ng pag-ibig, ng makakatalik, ng magiging kasama sa buhay at iba pa ay talastasan ng kanilang pagiging indibidwal. Ang mga depiksyon tungkol sa usapin ng pagtatalik at sakit na HIV at AIDS ng mga bayot ay manipestasyon rin sa malabong pagtanggap sa kanilang kasarian. Posibleng ang ganitong sitwasyon ang naging dahilan upang husgahan silang mga adik sa pakikipagtalik, makamundong gawain lamang ang hangad at iba pa. Sa kabilang banda, deskripsyon rin ito sa kanilang oryentasyon na singkahulugan ng babae at lalaki na may sekswal na pagnanasa rin. Inilarawan ito ng bayot sa kantang **Babaye ang Pamati**:

| | |
|---|---|
| Babaye ang pamati na gasidlak-sidlak<br>Babaye ang pamati na gasidlak-sidlak<br>Luyo sa panganod<br>Ginoo...Ginoo... Pachupaa ako<br>Ginoo...Ginoo... Pachupaa ako | Babae ang pakiramdam na nagniningning Babae ang pakiramdam na nagniningning Sa dulo ng mga ulap<br>Diyos ko... diyos ko...<br>Pachupain ako Diyos ko... |

Mapangahas ang awit na ito dahil tahasang inilahad ang kanyang hangaring makipagtalik sa parehong kasarian. Ito ang sitwasyong nabigyan ng misinterpretasyon, ang kilos at gawi ng bayot bilang matakaw sa pakikipagtalik. Tulad ng naipaliwanag na sa unahan, ang ganitong pagpapakilala sa kanyang kaakohan na pagpapakahulugan na ang pagiging bayot ay gaya rin ng babae at lalaki. Ang mga heterosekswal ay nakikipagtalik rin. Ipinaliwanag sa awit ang pinagkaiba ng kanilang oryentasyon dahil sa parehong kasarian sila nagkaroon ng gusto at nasà.

Bunsod sa pwersang nakapalibot sa bayot, ang mga likhang awit ay naging larawan ng kanilang pagpupursige sa pagpapalaya sa/ng pagkabayot. Itinindig ang kanilang kaakohan, hindi para mapansin lang, sapagkat kailangan ito para mapagtagumpayan ang pagtatakda sa kanila ng paligid. Sa ganitong ideya, naging mapangahas ang bahaging ito ng pag-aaral sapagkat bumuo ng kaisipan o pananaw kung paano muling binuo o itinindig ang kaakohan at pagka*ako* ng bayot. Mula sa mga nakalap na awit bilang empirikal na datos, hinugot ng mananaliksik ang nabuong hakbang sa tulong ng **grounded theory.**

May limang hakbang sa rekonstruksyon ng kaakohang bayot ang nahulma mula sa analisis at interpretasyon ng mga datos: ang *sariling identipikasyon, sariling determinasyon, repleksibo, pagtatanghal,* at *diskursong pansarili.* Kasama sa limang ito ang tinatawang na *kawing* o sangkap na kahit wala ito ay mabubuo pa rin ang rekonstruksyon ngunit mas mahalaga kung isasaalang-alang. Hagdan ang anyo ng ilustrasyon sapagkat hakbang-hakbang ang kailangang pagsasagawa para sa pagbuo. Para sa mas malinaw na ugnayan, makikita sa ibaba ang pagpapakahulugan sa bawat hakbang:

*Sariling Identipikasyon.* Pagpapakilala ito ng bayot sa pamamagitan ng **embodiment, self-empowerment,** gawi, kilos at iba pa. Maaaring ilahad muli ng bayot ang mga iniugnay na larawan o depiksyon sa kanya ngunit hindi ito ayon sa **concept map** ng ibang tao. Halimbawa nito ang paraan ng kanyang pagkilos, ang gustong ayos ng pananamit, ang paggamit ng wika. Binibigyan din niya rito ng gahum ang sarili na makilala ang pagiging bayot gamit ang kanyang talento, kahusayan, kaalaman, at iba pa.

*Sariling Determinasyon.* Tunguhin ng hakbang na ito ang mabigyan ng katuparan ang sariling identipikasyon. Motibasyon ang pangunahing sangkap upang ipagpatuloy ang nais na kaakohan. Nabuo

ang hakbang na ito mula sa iba-ibang deskriminasyon at istigma sa lipunan

*Repleksibo.* Nakaugat ang hakbang na ito sa iba-ibang anyo ng pagtanggap sa bayot. Pangunahing iniisip rito ang "Ano ba ang ginawa ko kaya nagkaganito ang pagtanggap?" at "Paano ko ipakikilala ang aking sarili sa kanila para mabago ang pakikitungo sa akin?" Paghinuklog o pagsuri sa bawat karanasan upang maisagawa ang *sariling identipikasyon.*


*Pagtatanghal.* Kombinasyon ang hakbang na ito sa unang tatlong hakbang na binanggit. Dito ipinakita ang rekonstruksyon ng kaakohan ng bayot sa pamamagitan ng kilos, gawi, aksyon, pisikal, mental, emosyon. Halimbawa rito ang karanasan ng bayot sa pag-ibig at pagpapakita o paglalahad niya sa kanyang iniibig. Malaki ang papel ng **gender performance** ni Judith Butler sa hakbang na ito.

*Diskursong Pansarili.* Ito ang nakamit na kagustuhang rekonstruksyon ng bayot sa kanyang kaakohan at pagka*ako.* Ipinalalagay na sa hakbang na ito, ang bayot ay lumilikha na ng diskursong hindi nakaangkla sa usapin ng babae at lalaki. Ito ang kaakohang nagturing sa bayot bilang malayang kasarian at may kultural na pagtanggap. Ito ang iniisip na ideyalidad ng bayot sa kanyang sarili. Malawak ang saklaw ng diskurso at higit itong naging masaklaw kung iuugnay sa sekswal na oryentasyon at identidad. Ang pagsasama-samang ito ang magsisilbing diskursong pansarili. Samakatwid, ang hakbang na ito ay maaring hindi lamang pansarili bagkus mula sa grupo ng mga baklang may kanya-kanyang diskurso sa pagpapaangat at pagtitindig ng kaakohan at pagka*ako.*

Ang *kawing* na *kontra aksyon* ay tumutukoy ito sa kaisipan at hangarin ng bayot na buwagin at/o burahin ang mga negatibong depiksyon sa kanila ng lipunan. Ito ang batayang ideolohiya ng bayot para sa kanyang sariling pagpapakilala at para sa nais na buuing diskurso ng pagtanggap.

Binigyan ito ng representasyon sa sumusunod na figyur na makikita sa kasunod na pahina:

[redacted]




**Figyur 1.** Hakbang ng Rekonstruksyon ng Kaakohan ng Bayot

## Paglalahat

Natuklasan sa pag-aaral na – (1) naging lagusan ng mga bayot ang mga likhang-awit sa pagpapahayag ng kaisipan at nararamdaman; (2) naipakita sa mga awitin ang mga karanasan nila sa larangan ng pag-ibig, sa kanilang pakikipag kapwa, sa loob ng tahanan, at sa lugar ng trabaho; (3) iba't ibang pagtuturing ng mga heterosekswal ang itinakda sa mga bayot; at (4) nakabuo ng limang hakbang sa pag-aaral para sa rekonstruksyon ng kaakohan ng mga bayot – (a) sariling idetintipikasyon; (b) sariling determinasyon; (c) repleksibo; (d) pagtatanghal sa sarili; at (e) diskursong pansarili.

Bunga sa natuklasang ito, ang mga nalikhang awit ng bayot ay nagsasabing: (1) mahalaga ang anumang kultural na produksyon ng mga marhinalisadong grupo sa lipunan dahil nagtataglay ito ng kanilang karanasan; (2) bukal na kaakohan ng mga bayot ang kanilang mga likhang awit; (3) hindi pa rin ganap na "malaya" ang mga bayot mula sa deskriminasyon ng lipunan; at (4) may iba't ibang paraan upang muling mabuo ng mga bayot ang kanilang mga imahe.

## Mga Reperensya

Butler, J. 1990. **Gender Trouble Feminism and the Subversion of Identity**. New York. Routledge.

Evasco, E. E. 2003. *Pagkaligalig sa Musa ng Paglaladlad ng Kapa: Giya sa Pag-aligwas sa Panulaan ng Bakla sa Filipino.* Nasa **Tabi-tabi sa**

**Pagsasantabi Kritikal na tala ng mga Lesbiana at Bakla sa Sining, Kultura at Wika** nina Evasco, E. Y., Pineda,R. V. at Rodriguez,R. R. Quezon, City: The University of the Philippines Press.

Foucault, M. 1970. **The Order of Things: An Archeology of the Human Sciences**. New York: Vintage Books A Division of Random House, Inc.

_____________. 1972. **The Archeology of Knowledge and The Discourse on Language**. New York: Vintage Books A Division of Random House, Inc.

_____________. 1978 (1990 ed). **The History of Sexuality Voume I: An Introduction**Isinalin ni Robert Hurley. U.S.A: Vintage Book A Division of Random House, Inc.

Hall, S. 1997. **Representation: Cultural Representations and Signifying Practices (Culture, Media and Identities series)**. London: Sage Publication, Ltd.

Heidegger, M. 1962. **Being and Time**. Salin ni John Macquarrie at Edward Robinson. Great Britain: The Camelot Press Ltd, Southampton.

Jandt, F. E. 2010. **An Introduction to Intercultural Communication: Identities in a Global Community**. USA: Sage Publication, Inc.

Santiago, L. Q. 1997. Sa Ngalan Ng Ina: **Sandaang Taon Ng Tulang Feminista Sa Pilipinas, 1889-1989.** Quezon City, Philippines: University of the Philippines Press.

Scheff, T. J. **1990. Microsociology: Discourse, Emotion, and Social Structure.**

U.S.A: The university of Chicago Press.

Spargo, T. 1999. **Foucault and queer theory.** New York: Totem Books.

Link, B. G., & Phelan, J. C. (2001). *Conceptualizing stigma.* **Annual Review of Sociology**, 27, 363–385.